

Our Heavenly Guidance System

By Elder Sergio R. Vargas
Of the Seventy

Ang Sistema ng Ating Banal na Gabay

Ni Elder Sergio R. Vargas
Ng Pitumpu

April 2025 general conference

As we focus our lives on Jesus Christ, we will find our way home, enduring to the end and rejoicing to the end.

Jesus Christ changed my life when I was baptized at the age of 26 in my beloved Frutillar, Chile. At that time, my job took me across the ocean, rivers, and lakes of the beautiful Chilean Patagonia. After my baptism, I saw my work and my life in a new and different way, recognizing that truly “all things denote there is a God.”

In nature, salmon are born in the source of the rivers. At some point in their lives, they need to swim downriver to reach the ocean, where they find the nourishment and conditions necessary for their development.

But the ocean is also a dangerous place where predators lurk and where fishers try to catch the salmon with flashy hooks that imitate food but do not nourish them. If the salmon can survive these threats, they will be ready to use their powerful guidance system to return upriver to the same place where they were born, facing new and some familiar challenges. Scientists have studied their migratory behavior for years and have discovered that they use a type of magnetic map, similar to GPS, to guide them to their final destination with incredible precision.

We can all return one day to the heavenly

Kapag nakatuon ang ating buhay kay Jesucristo, makikita natin ang daan pauwi, magiging tapat hanggang wakas at magagalak hanggang sa kata-pusan.

Binago ni Jesucristo ang buhay ko noong mabinyagan ako sa edad na 26 sa mahal kong bayang Frutillar, Chile. Nang panahong iyon, dahil sa trabaho ko, nalakbay ko ang karagatan, mga ilog, at lawa ng magandang Patagonia sa Chile. Pagkatapos kong mabinyagan, nabago at naiba ang pananaw ko sa aking trabaho at buhay, nauunawaan na tunay nga ang “lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos.”

Likas sa mga salmon ang ipanganak sa pinagbubukalan ng mga ilog. Sa isang punto ng kanilang buhay, kailangang lumangoy ng mga salmon pababa sa ilog para makarating sa karagatan, kung saan makahahanap sila ng pagkain at mga kalagayan na kailangan sa kanilang paglaki.

Ngunit ang karagatan ay mapanganib din, may mga maninila rito at mangingisda na nais makahuli ng salmon gamit ang makikining na kawit na may pain na parang pagkain pero hindi nagbibigay ng sustansiya sa mga ito. Kung makaliligtas ang mga salmon sa mga panganib na ito, magiging handa sila na gamitin ang mabisang gabay nila para makabalik sa lugar kung saan sila ipinanganak, at haharap sa bago at ilang pamilyar na mga hamon. Pinag-aralan ng mga siyentipiko ang pandarayuhan ng mga ito sa maraming taon at natuklasan nila na gumagamit ang mga ito ng isang uri ng magnetic map, na tulad ng GPS, para gabayan sila papunta sa huling destinasyon nila nang may katumpakan na talagang pambihira.

Lahat tayo ay maaaring makabalik sa ating

home from where we came. And like the salmon, we have our own magnetic map, or Light of Christ, to guide us there. Jesus taught His disciples, “I am the way, the truth, and the life: no man cometh unto the Father, but by me.”

As we focus our lives on Jesus Christ, we will find our way home, enduring to the end and rejoicing to the end. President Russell M. Nelson taught that “the joy we feel has little to do with the circumstances of our lives and everything to do with the focus of our lives.”

Our Divine Nature and Destiny

From the family proclamation, we read that “each [of us] is a beloved spirit son or daughter of heavenly parents, and, as such, each has a divine nature and destiny. . . . In the premortal realm, spirit sons and daughters knew and worshipped God as their Eternal Father and accepted His plan by which His children could obtain a physical body and gain earthly experience to progress toward perfection and ultimately realize their divine destiny as heirs of eternal life.”

Before His birth in mortality, Jesus Christ appeared to Moses and spoke to him on behalf of the Father. He told Moses He had a great work for him to do. During that meeting, the Lord called him “my son” several times.

After that experience, Satan came tempting him, saying, “Moses, son of man, worship me.”

Moses responded to the temptation by remembering his divine nature, saying, “Who art thou? For behold, I am a son of God.” The truth freed Moses from an attack by the adversary.

Brothers and sisters, the hooks of mortality are real. They are often enticing, but they seek only one target: to pull us out of the course of living waters that lead to the Father and eternal life.

tahanan sa langit kung saan tayo nagmula. At tulad ng mga salmon, may sarili tayong magnetic map, o Liwanag ni Cristo, na gumagabay sa atin papunta roon. Itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, “Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay. Sinuman ay hindi makakarating sa Ama kundi sa pamamagitan ko.”

Kapag nakatuon ang ating buhay kay Jesu-cristo, makikita natin ang daan pauwi, magiging tapat hanggang wakas at magagalak hanggang sa katapusan. Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na “ang kagalakang nadarama natin ay halos walang kinalaman sa mga sitwasyon natin sa buhay kundi sa pinagtutuunan natin sa buhay.”

Ang Ating Banal na Katangian at Tadhana

Mula sa paghahayag sa pamilya, mababasa natin na “bawat isa [sa atin] ay minamahal na espiritung anak ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may banal na katangian at tadhana. . . . Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak ang Diyos bilang kanilang Amang Walang Hanggan at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan ng daan para magkaroon ang Kanyang mga anak ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo para umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang mga tagapagmana ng buhay na walang hanggan.”

Bago Siya isinilang sa mortalidad, si Jesu-cristo ay nagpakita kay Moises at kinausap ito sa ngalan ng Ama. Sinabi Niya kay Moises na may dakilang gawain Siya na ipagagawa sa kanya. Sa pag-uusap na iyon, tinawag siya ng Panginoon na “aking anak” nang ilang beses.

Matapos ang karanasang iyon, dumating si Satanas upang tuksuhin siya, nagsasabing, “Moises, anak ng tao, sambahin mo ako.”

Tumugon si Moises sa pamamagitan ng pag-alaala sa kanyang banal na katangian, nagsasabing, “Sino ka? Sapagkat masdan, ako ay anak ng Diyos.” Ang katotohanan ay nagpalaya kay Moises mula sa pag-atake ng kaaway.

Mga kapatid, ang mga kawit ng mortalidad ay totoo. Kadalasan ay nakakaakit ang mga ito, pero iisa lang ang kanilang layunin: ang hilahin tayo palayo mula sa daloy ng tubig na buhay na humahantong sa Ama at buhay na walang hanggan.

I know how real the hooks of mortality can be. One Sunday, as a new convert, I was teaching a priesthood class when an unsettling conversation arose. I struggled to finish my lesson. I took offense and felt that I was the victim. Without saying a word, I headed for the exit with the idea that I would not return to church for a while.

At that very moment, a concerned priesthood holder stood in front of me. He lovingly invited me to focus on Christ and not on the situation we had experienced in class. As I looked back on the experience with him, he shared with me that he heard a voice tell him, “Go after him; he is important to me.”

My dear friends, we are all important to Him. President Nelson taught that “because of our covenant with God, He will never tire in His efforts to help us, and we will never exhaust His merciful patience with us.” Our divine nature and covenant relationship with God entitle us to receive divine help.

The Need of Nourishment

Just as salmon need to be nourished in the ocean to grow, we also need to nourish ourselves spiritually to avoid dying of spiritual malnutrition. Prayer, the scriptures, the temple, and our regular attendance at Sunday meetings are vital in our spiritual menu.

In November 1956, Ricardo García entered the waters of baptism in Chile, becoming the first member of the Church in my country. Just one day before he died, he declared before his family and friends, “Many years ago, missionaries invited me to be happy along with my family. I am a happy man. Tell everyone in Chile the gospel is happiness.”

After having been nourished with the gospel of Jesus Christ, Ricardo dedicated his entire life to serving God and his neighbor with love. His example of discipleship has blessed generations, including me. The Prophet Joseph Smith taught that “a man filled with the love of God, is not content with blessing his family alone, but ranges through the whole world, anxious to bless the

Alam ko kung gaano katotoo ang mga kawit ng mortalidad. Isang Linggo, noong bagong miyembro ako, nagtuturo ako sa priesthood class nang magkaroon ng hindi magandang pag-uusap. Nahirapan akong tapusin ang aking lesson. Nasaktan ako at nadamang ako ang biktima. Nang walang pasabi, naglakad ako palabas na iniisip na hindi muna ako magsisimba.

Sa mismong sandaling iyon, isang nag-aalalang priesthood holder ang tumayo sa harapan ko. Magiliw niya akong inanyayahan na magtuton kay Cristo at hindi sa sitwasyong naranasan namin sa klase. Sa paggunita sa karanasan naming iyon, ibinahagi niya sa akin na nakarinig siya ng tinig na nagsabi sa kanya, “Habulin mo siya; mahalaga siya sa akin.”

Mahal kong mga kaibigan, lahat tayo ay mahalaga sa Kanya. Itinuro ni Pangulong Nelson na “dahil sa ating tipan sa Diyos, hindi Siya kailanman mapapagod sa Kanyang pagsisikap na tulungan tayo, at hindi kailanman mauubos ang Kanyang maawaing pasensya sa atin.” Ang ating banal na katangian at kaugnayan sa Diyos dahil sa pakikipagtipan ay nagbibigay sa atin ng karapatang tumanggap ng banal na tulong.

Ang Pangangailangang Pangalagaan ang Espirituwal

Tulad ng mga salmon na kailangang kumain sa karagatan para lumaki, kailangan din natin ng espirituwal na pagkain para hindi tayo mamatay sa espirituwal na malnutrisyon. Ang panalangin, mga banal na kasulatan, templo, at regular nating pagdalo sa mga miting tuwing Linggo ay mahalaga sa ating espirituwal na menu.

Noong Nobyembre 1956, si Ricardo García ay inilubog sa mga tubig ng binyag sa Chile, at naging unang miyembro ng Simbahan sa aming bansa. Isang araw bago siya pumanaw, sinabi niya sa kanyang pamilya at mga kaibigan, “Maraming taon na ang nakararaan, inanyayahan ako ng mga missionary na maging masaya kasama ang aking pamilya. Masaya ako. Sabihin sa lahat ng tao sa Chile na ang ebanghelyo ay kaligayahan.”

Matapos palakasin ng ebanghelyo ni Jesucristo, inilaan ni Ricardo ang buong buhay niya sa paglilingkod sa Diyos at sa kanyang kapwa nang may pagmamahal. Ilang henerasyon ang pinagpala ng kanyang halimbawa ng pagiging disipulo, kabilang na ako. Itinuro ni Propetang Joseph Smith na “ang isang taong puspos ng pag-ibig ng Diyos, ay hindi kuntentong pamilya lamang niya

whole human race.”

Return to Our Heavenly Home

Deep inside each of us is a desire to return to our heavenly home, and Jesus Christ is our heavenly guidance system. He is the way. His atoning sacrifice makes it possible for us to make sacred covenants with God. Once we make covenants, we will at times find ourselves swimming against the current. Danger, disappointment, temptation, and affliction will test our faith and spiritual strength. Ask for help. Jesus Christ understands and is always eager to share our burdens.

Remember that He is known as “a man of sorrows, and acquainted with grief.” The Savior taught, “In the world ye shall have tribulation: but be of good cheer; I have overcome the world.” His atoning sacrifice allows our sins to be forgiven to the point that He no longer remembers them.

We may not totally forget our sins as part of our mortal learning so we will remember not to repeat them. Instead, we will remember Him as we take the sacrament at church every Sunday. This ordinance is an essential part of worship and spiritual development. Joy comes when we understand that this is not just another day. “The sabbath was made for man” with the intention of giving us rest from the world and renewing our body and spirit.

We also remember Him when we go to the temple—the house of the Lord. Temples give us a deeper knowledge of Jesus Christ as the center of the covenant that leads us to eternal life, “the greatest of ... the gifts of God.”

Attending the temple has given me comfort and great hope about our eternal destiny. I have experienced heavenly connections with people on both sides of the veil. I’ve seen healing miracles in the lives of my young children, two of whom live with unseen illnesses that require daily care for the rest of this life.

ang mapagpala, kundi ang buong mundo, sabik na mapagpala ang buong sangkatauhan.”

Pagbalik sa Ating Tahanan sa Langit

Sa kaibuturan ng ating puso ay ang hangaring makabalik sa ating tahanan sa langit, at si Jesucristo ang ating banal na gabay. Siya ang daan. Dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, naging posible para sa atin na gumawa ng mga sagradong tipan sa Diyos. Kapag nakipagtipan tayo, matatagpuan natin kung minsan ang ating sarili na lumalangoy pasalungat sa agos. Ang panganib, kabiguan, tukso, at paghihirap ay susubok sa ating pananampalataya at espirituwal na lakas. Humingi ng tulong. Si Jesucristo ay nakauunawa at palaging sabik na tulungan tayo sa ating mga pasanin.

Tandaan na Siya ay kilala bilang “isang taong nagdurusa, at sanay sa kalungkutan.” Itinuro ng Tagapagligtas, “Sa sanlibutan ay nahaharap kayo sa pag-uusig: ngunit lakasan ninyo ang inyong loob, dinaig ko na ang sanlibutan.” Dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo ang ating mga kasalanan ay napapatawad, at hindi na Niya ito naaalala pa.

Maaaring hindi natin lubos na nakakalimutan ang ating mga kasalanan bilang bahagi ng ating pagkatuto sa mortalidad upang maalala natin na huwag nang ulitin ang mga ito. Sa halip, aalalahanin natin Siya kapag tumatanggap tayo ng sakramento sa simbahan tuwing Linggo. Ang ordenansang ito ay mahalagang bahagi ng pagsamba at espirituwal na pag-unlad. Ang kagalakan ay dumarating kapag nauunawaan natin na hindi ito isang ordinaryong araw lamang. “Ang sabbath ay ginawa para sa tao” na may layuning bigyan tayo ng kapahingahan sa mundo at panibaguhin ang ating katawan at espiritu.

Naaalala rin natin Siya kapag pumupunta tayo sa templo—ang bahay ng Panginoon. Ang mga templo ay nagbibigay sa atin ng mas malalim na kaalaman tungkol kay Jesucristo bilang sentro ng tipan na umaakay sa atin sa buhay na walang hanggan, “ang pinakadakila sa ... mga kaloob ng Diyos.”

Ang pagdalo sa templo ay nagbigay sa akin ng kapanatagan at malaking pag-asa hinggil sa ating walang-hanggang tadhana. Nakaranas ako ng mga banal na kaugnayan sa mga tao sa magkabilang panig ng tabing. Nakita ko ang mahimalang pagpapagaling sa buhay ng mga anak ko, dalawa sa kanila ang may mga karamdaman na

Our family rejoices as we share about the plan of happiness. My children's faces light up when they hear that, thanks to Jesus Christ, their "afflictions shall be but a small moment." We love our children deeply, and we know that someday, as President Jeffrey R. Holland taught, they "will stand before us glorified and grand, breathtakingly perfect in body and mind." Our covenants bring us closer to God to the point of making the impossible possible, filling every space of darkness and doubt with light and peace.

Thanks to Jesus Christ, there are hope and well-founded reasons to continue loving, praying, and supporting those we care about.

I know He lives. He knows us and He loves us. He is the way, the truth, and the life of the world.

I invite all of us today to center our lives on Jesus Christ and His teachings. Doing so will help us avoid biting the hooks of temptation, offense, and self-pity. We will stand as temples—holy, firm, and constant. We will weather the storms, and we will make it home, enduring to the end and rejoicing to the end. In the name of Jesus Christ, amen.

hindi nakikita na nangangailangan ng araw-araw na pangangalaga habambuhay.

Nagagalak ang aming pamilya kapag pinag-uusapan namin ang plano ng kaligayahan. Sumasaya ang mukha ng aking mga anak kapag naririnig nila na, salamat kay Jesucristo, ang kanilang "mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang." Mahal na mahal namin ang aming mga anak, at alam namin na balang-araw, tulad ng itinuro ni Pangulong Jeffrey R. Holland, sila "ay tatayo sa ating harapan na niluwalhati at maringal, sakdal-ganda sa katawan at isipan." Ang ating mga tipan ay mas naglalapit sa atin sa Diyos hanggang sa nagiging posible ang imposible, pinupuno ng liwanag at kapayapaan ang bawat puwang ng kadiliman at pagdududa.

Salamat kay Jesucristo, may pag-asa at may matibay na mga dahilan para patuloy na magma-hal, manalangin, at suportahan ang mga taong mahalaga sa atin.

Alam ko na Siya ay buhay. Kilala Niya tayo at mahal Niya tayo. Siya ang daan, ang katotohanan, at ang buhay ng sanlibutan.

Inaanyayahan ko ang lahat ngayon na ituon ang ating buhay kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo. Ang paggawa nito ay tutulong sa atin na maiwasan ang mga kawit ng tukso, hinanakit, at awa sa sarili. Tayo ay tatayo tulad ng mga templo—banal, matatag, at hindi natitinag. Kakayanin natin ang mga unos, at makakauwi tayo, magiging tapat hanggang wakas at magagalak hanggang sa katapusan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.